# KABANATA 4:
# Ang Katangiang Heograpikal ng Pilipinas

Sa mga naunang kabanata ay nakilala at nailarawan mo ang mga pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas. Nalaman mo ang iba't ibang katangiang heograpikal ng bansa na may kinalaman sa lokasyon nito tulad ng klima, panahon, mga anyong lupa, at anyong tubig. Sa kabanatang ito, masusuri mo ang kaugnayan ng bansa sa heograpiya nito at mapahahalagahan mo ang mga katangian nito bilang mga salik sa pag-unlad.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa pag-aaral ng katangiang pisikal ng isang lugar?
   A. demograpiya
   B. heograpiya
   C. kartograpiya
   D. topograpiya

2. Saang rehiyon ng Asya nabibilang ang Pilipinas?
   A. Hilagang Asya
   B . Silangang Asya
   C. Timog-kanlurang Asya
   D. Timog-silangang Asya



LIVEWORKSHEETS

3. Ano ang karaniwang kalagayan ng klima ng Pilipinas na bunga ng lokasyon nito?
   A. mainit
   B. malamig
   C. maalinsangan
   D. mahalumigmig

4. Ano ang dalawang karagatang nakapaligid sa Pilipinas?
   A. Indian at Pasipiko
   B. Arktiko at Atlantiko
   C. Arktiko at Pasipiko
   D. Atlantiko at Pasipiko

5. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng lokasyon ng Pilipinas na nasa pagitan ng kontinente ng kalakhang Asya at kontinente ng Australia?
   A. Naging daanan ito ng mga sasakyan.
   B. Dumami ang bumibisitang dayuhan sa bansa.
   C. Dumalas ang pagdalaw ng mga bagyo sa bansa.
   D. Naging bahagi ang bansa ng kontinente ng Asya.

6. Alin sa mga sumusunod ang bunga ng pagkakaroon ng maraming daungan sa Pilipinas dahil sa lokasyon nito?
   A. Naging mapanganib ang lokasyon ng bansa.
   B. Napadalas ang pagbisita ng mga turista sa bansa.
   C. Napabilang ito sa mga sentro ng kalakalan sa Asya.
   D. Naging palagian ang paglalayag ng maraming sasakyang pandagat.

7. Alin sa mga sumusunod ang dahilan kung bakit estratehiko ang kinalalagyan ng Pilipinas para sa tanggulang pambansa?
   A. Nakaharap ito sa bansang Tsina.
   B. Bahagi ito ng kontinente ng Asya.
   C. Kabilang ito sa mga bansa sa Timog-silangang Asya.
   D. Nakabungad ito sa silangan ng Karagatang Pasipiko.



LIVEWORKSHEETS

8. Alin ang bunga ng pagiging bahagi ng Pilipinas sa *Pacific Ring of Fire*?
   A. Mahirap makipagkalakalan sa bansa.
   B. Maraming bagyo ang bumibisita sa bansa.
   C. Madalas na nagkakaroon ng sunog sa bansa.
   D. May panganib na magkaroon ng lindol sa bansa.

9. Alin ang sanhi kung bakit magiging madaling sakupin ng ibang bansa ang Pilipinas ayon sa lokasyon nito?
   A. Nasa *Pacific Ring of Fire* ang bansa.
   B. Maraming kabundukan at burol ang bansa.
   C. Mayroon itong malalawak at mahahabang baybayin.
   D. Walang malakas na puwersang militar na nagbabantay.

10. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na paglalarawan sa mga anyong lupang matatagpuan sa Pilipinas?
    A. mataas at maganda
    B. malambot at maputik
    C. mataba at masagana
    D. matigas at medyo tuyo

11. Anong hanapbuhay ang mainam sa pagkakaroon ng Pilipinas ng maraming daungan ng mga sasakyang pandagat?
    A. paninisid
    B. pamamasyal
    C. pamamasada
    D. pakikipagkalakalan

12. Anong pangyayari ang mapipigilan ng pagkakaroon ng maraming bundok at gubat sa bansa?
    A. pag-ulan nang malakas
    B. pagdami ng mga hayop
    C. paglindol nang sunod-sunod
    D. pagbabaha at paghihiwalay ng lupa



LIVEWORKSHEETS

13. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga katangiang heograpikal ng bansa?
   A. pagsali sa mga programang mas magpapaunlad sa kakayahan at talento
   B. pagsali sa mga programang makatutulong sa pangangalaga ng kalikasan
   C. pagsali sa mga programa ng pamahalaan ukol sa pagkontrol ng populasyon
   D. pagsali sa mga programang magbibigay at magpapalawak ng kaalaman sa siyensiya

14. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang HINDI nagpapakita ng paraan ng pagpapahalaga sa mga katangiang heograpikal?
   A. hindi pag-aksaya sa paggamit ng papel
   B. pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig
   C. paliligo sa mga ilog at dagat tuwing tag-init
   D. pagtatapon ng basura sa tamang tapunan nito

15. Alin sa mga sumusunod ang payak na paraan na magagawa ng batang katulad mo para mapahalagahan ang mga katangiang heograpikal ng bansa?
   A. Gumamit ng inuman na magagamit muli.
   B. Bumili ng pagkain sa mga kainang *fast food.*
   C. Maglakad kaysa sumakay patungo sa pupuntahan.
   D. Ibahagi ang baong pagkain sa kaklaseng nagugutom.



LIVEWORKSHEETS